Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-24 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 133-T'2002*

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO S. SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITIO NG LAGUNA NA MAPAILAWAN ~~-ANG~~ BUBUKAL, PAGSAWITAN AT PATIMBAO JUNCTIONS SA BAYANG ITO PARA SA KALIGTASAN AT KAPAKANAN NG ATING MGA MAMAMAYAN.*

*SAPAGKA'T,* karaniwang tawiran at daanan ng tao at lahat ng mga sasakyan ang mga nabanggit na lugar;

*SAPAGKA'T,* kailangan ang sapat na kagamitan sa pailaw upang mapangalagaan ang mga mamamayan at mga sasakyan sa pagdaan kapag ginagabi;

*SAPAGKA'T,* ang kaligtasan at kapakanan ng mga mamamayan laban sa anumang panganib at kapahamakan ay siyang dapat na isaalang-alang.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison, Roselon F. Pamatmat at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang humiling sa Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na mapailawan ang Bubukal, Pagsawitan at Patimbao junctions sa bayang ito para sa kaligtasan at kapakanan ng ating mga mamamayan.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno *sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang* kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

*PINAGTIBAY:*

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan